{May isang lalaking kumain sa piling ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng kaliwang kamay nito kaya nagsabi siya: "Kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo." Nagsabi ito: "Hindi ko po nakakaya." Nagsabi siya: "Hindi ka nawa makakaya!

Ayon kay Salamah bin Al-Akwa` (malugod si Allāh sa kanya): {May isang lalaking kumain sa piling ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng kaliwang kamay nito kaya nagsabi siya: "Kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo." Nagsabi ito: "Hindi ko po nakakaya." Nagsabi siya: "Hindi ka nawa makakaya!" Walang pumigil sa kanya kundi ang pagmamalaki. Kaya naman hindi ito nakaangat niyon papunta sa bibig nito.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nakakita ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang lalaking kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay nito kaya nag-utos siya rito na kumain ito sa pamamagitan ng kanang kamay nito. Ngunit sumagot ang lalaki dala ng pagpapakamalaki at pagsisinungaling na ito ay hindi nakakakaya? Kaya dumalangin laban dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na pagkaitan ito ng pagkain sa pamamagitan ng kanang kamay. Tumugon si Allāh sa dalangin ng Propeta Niya sa pamamagitan ng pagkaparalisa ng kamay ng lalaki kaya hindi ito nakapag-angat ng kamay nito ng pagkain o inumin patungo sa bibig nito matapos niyon.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3372